Personal Protective Equipment (PPE): Mga Tagubilin Para sa Community Settings
Personal Protective Equipment (PPE): Instructions For Community Settings

PPE = Mask, proteksyon sa mata (goggles o kaya face mask na may shield), gown, guwantes

Ang pinakamainam na proteksyon ay ang tamang paghugas ng kamay: sabon at tubig, 30 segundo

Sa Reception o sa mga shared na lugar,

kung hindi maaring magmintina ng 2 metro o 6 feet

na distansya

Direct care sa anumang lugar, para sa mga kliyenteng **WALANG** mga palatandaan ng COVID-19



Direct care sa anumang lugar,

para sa mga kliyenteng **MAYROONG** mga

palatandaan ng COVID-19

Infographic made with images from flaticon.com

Mga palatandaan ngCOVID-19

LAGNAT

UBO

NAHIHIRAPANG HUMINGA

ALIBADBAD

PAGTATAE

Paglagay ng PPE
Putting OnPPE



Ang **gown** ay bukas sa likod; ito'y nakatali sa leeg at sa likod

Ang **mask** straps ay ilalagay sa likod ng mga taenga/ulo, diinan ito upang sikipan at gawing kasyang-kasya lamang sa ibabaw ng ilong, nang natatakpan nang buo ang baba

Pagtanggal ng PPE



Guwantes: Hawakan ang palad ng isang guwantes at hilahin ito upang tanggalin; pagkatapos ay ipasok ang mga daliri ng kamay sa ilalim ng kabilang guwantes sa may pulsuhan at tanggalin ang guwantes habang binabaliktad. Itapon ito.

Huwag hawakan/hipuin ang panlabas na bahagi ng guwantes gamit ang mga kamay na walang guwantes

Proteksyon sa mata at mask: tanggalin mula sa likod o mga gilid; **huwag hawakan/o hipuin ang harap nito**

- Iwanang nakasuot ang mask/eye protection. Palitan ang mask kapag lamang ito'y basa, narumihan, nasira, o kapag nag-break ka. Ang proteksyon sa mata (goggles) ay kailangang linisin at i-disinfect bawat beses pagkatapos bisitahin ang isang kliyente,
- kapag ito'y mukhang marumi, at sa katapusan ng bawat shift (kung reusable).
- Ang gown at mga guwantes ay pinapalitan bawat beses pagkatapos sila gamitin nang isang beses.

Tagalog April 15, 2020

Developed, reviewed, vetted by COVID 19 Regional Education Working Group and VCH program experts

Vancouver Coastal Health